

# Potensiyal ng *Kadagaan* sa Pakikibaka para sa Lupa: Danas ng Hacienda Sta. Isabel at San Antonio

*Potentials of Kadagaan for Land Struggle:  
The Case of Hacienda Sta. Isabel and San Antonio*

**JOANNE VISAYA MANZANO**

## **ABSTRAK**

Nilalayan ng papel na unawain ang konseptong “kadagaan” ng mga migranteng Ilokano sa kanilang paglipat sa Ilagan, Isabela nang mahikayat ng mga administrador ng Tabacalera na magtatrabaho sa Hacienda Sta. Isabel at San Antonio simula 1881. Sa kabila ng mahirap na kalagayan sa mga plantasyon ng tabako, pinanghawakan ng mga tenant ang pangakong mapapasakamay nila ang pinagpapagurang lupa pagsapit ng 1981, ang ika-100 taon ng Tabacalera sa Pilipinas. Nagpasalin-salin ang ganitong naratibo mula sa mga ninunong Ilokano na unang nagtrabaho sa mga asyenda hanggang sa mga sumunod na henerasyon. Gayunman, hindi ito nagkaroon ng katuparan dahil sa halip na ipamahagi ang mga lupain sa mga magsasaka, ibinenta ng kompanya ang mga asyenda sa korporasyong ANCA na pagmamay-ari ni Eduardo Cojuangco, Jr. noong 1980. Sa gitna ng panganib na maagaw ang mga lupaing pinagpaguran nila at ng kanilang mga ninuno, masisilayan ang potensiyal ng konseptong “kadagaan” sa pagtatanggol ng mga magsasaka sa halaga ng lupa at pagpapagal.

*Mga Susing Salita:* kadagaan, Tabacalera, ANCA, repormang agraryo, Danding Cojuangco

## ABSTRACT

The paper aims to understand the concept of “kadagaan” in the context of Ilocano migration to the town of Ilagan, Isabela in 1881 when they were recruited by Tabacalera administrators to work in the tobacco plantations of Hacienda Sta. Isabel and San Antonio. Despite experiencing harsh conditions, the tenants held on to the promise that the lands would be given to them on 1981 - Tabacalera’s 100th year in the Philippines. The narrative of promise was passed on from generation to generation but was not fulfilled. In 1980, instead of distributing the lands to the tenants, Tabacalera sold the haciendas to ANCA corporation owned by Eduardo Cojuangco, Jr. In the face of losing what they and their ancestors worked for for a century, the farmers would realize the potential of “kadagaan” in fighting for land and labor.

*Keywords:* kadagaan, Tabacalera, ANCA, agrarian reform, Danding Cojuangco

## PANIMULA

Tampok sa mga Ilokano ang naratibo ng migrasyon. Sa kagustuhang makahanap ng “lung-aw” (ginhawa), nangingibang-bayan ang mga ito kung hindi makaranas ng magandang buhay sa sariling lugar. Ito ang dahilan kung bakit sinasabing transheograpiikal ang konsepto ng mga Ilokano sa Kailokuan; hindi lamang ito sa Ilocos matatagpuan kundi sa lugar kung nasaan ang kadagaan (Agcaoili *Balabala ti Filosofia*, 33). Mabibigyang-kahulugan ang “kadagaan” bilang: (1) mataba at produktibong lupa; at (2) kaaya-aya o angkop na klima o kondisyon (Gelade 161); (3) magandang lupain/ kabuhayan/ kapalaran para sa bagong-dating o dayo (Agcaoili *Balabala ti Filosofia*, 90); at (4) mataba at masaganang lupa; angkop na klima/ kalagayan (Galvez-Rubino 144). Mula sa salitang ugat na “daga” (lupa), inihuhudyat ng mga panlaping “ka-” at “-an” ang (1) pakikipagtatagpo o pakikipagbahaginan ng objek (pangngalan) sa ibang tao o (2) pag-iral o paninirahan sa isang lugar (pangngalan) kasama ang iba (Constantino 226-227).

Esensiyal sa konsepto ang aktibong paggampan upang gawing mataba o kapakipakinabang ang lupang nilipatan. Aplikable ito sa mga “nagdappat” o setler na pumosisyon sa lupang bakante upang tirhan at sakahin. Hindi maghihimala ang nilipatang lupa kaya kailangan itong hawanin, paunlarin, at alagaan upang maging sagana. Ibig sabihin, kailangan itong pagpaguran upang maging angkop at mataba. Gayunman, hindi lamang ito tumutukoy sa pagsasaka kundi sa kabuhayan o

kalagayan sa pangkalahatan. Sa pangngibang bayan, halimbawa, masasabing kadagaan ang isang lugar na nakapagbibigay sa migrante ng magandang trabaho o lung-aw.

Gayunman, hindi sa lahat ng pagkakataon ay natatagpuan ang kadagaan. Ayon kay Agcaoili sa kaniyang nobelang *Dangadang* (Digmaan):

*Kapag hindi mo kadagaan ang lupa, magkakasakit ka, hindi bubuti ang buhay mo, makararanas ka ng didigra (sakuna), magpapahiwatig ang mga ibon, magsasalita sila at sasabihin nila: “Saan. Saan a daytoy ti kadagaanyo. Adda didigra a dumteng no dikay pumanaw (Hindi. Hindi ito ang inyong kadagaan. Mayroong sakunang darating kung hindi kayo lilisan.” (42, Aking salin)*

Mula sa sipi, mauunawaang nangyayari ang “saan a kadagaan” (hindi kadagaan) sa mga kaganapang wala sa kontrol ng tao katulad ng sa kabila ng extraordinaryong pagsisikap ay hindi pa rin naging mabunga ang lupa. Ilan sa mga senyales nito ang pagdatal ng malalang sakit, pagkabiliw, at sunod-sunod na kamalasan. Sa mga pagkakataong ganito, iniwan ng mga migrante ang daga (lupa) upang muling maghanap ng kadagaan sa ibang lugar.

Sa papel na ito dadalumat in ang danas ng mga setler sa Hacienda San Antonio at Hacienda Sta. Isabel sa Ilagan, Isabela. Babaybayin ang alaala ng mga anak at apo ng mga orihinal na migranteng Ilokano na naghanap ng ginhawa sa mga plantasyon ng tabako ng Tabacalera na naitatag noong 1881. Sisipatin din kung

paanong naisalin ang konsepto ng kadagaan sa pakikibaka nang mabili ng Korporasyong ANCA ni Eduardo “Danding” Cojuangco, Jr. noong 1981 ang mga asyenda. Pangunahin itong isinagawa sa pamamagitan ng mga “sarita” (kuwento) ng kabuuang 39 na mga mananalaysay. Sa bilang na ito, 22 mga babae at 17 mga lalaki ang nagbahagi kung saan 85 na taong gulang ang pinakamatanda at 42 taong gulang naman ang pinakabata sa panahon ng panayam. Kabilang ang mga ito sa ikalawa hanggang ikatlong henerasyon o mga anak at apo ng mga orihinal na migranteng Ilokano sa mga asyenda. Lahat ng mga nagbahagi ay mga magsasaka at may direktang karanasan sa pagtatrabaho sa Tabacalera at pakikibaka laban sa korporasyong ANCA.<sup>1</sup> Sa gitna ng mga nagpapatuloy na panggigipit sa mga magbubukid, ipinasiyang gumamit ng koda sa papel na ito upang mapangalagaan ang katauhan ng mga mananalaysay. Isinagawa ang pangangalap ng mga sarita mula Hunyo 2018 hanggang Pebrero 2019 bagaman may mga patlang dahil sa iba’t ibang salik.

Muling bibigyang-diin na matibay ang paninindigang kilingan ang karaniwang tao sa pag-alaala, pagwiwika, at pagtatala ng pakasaritaan (kasaysayan) ng pook at pangyayari. Ito ang dahilan kung bakit pangangalap ng mga sarita ang pangunahing pamamaraan sa saliksik na itinuturing na subersibo sa kumbensiyonal na pamantayan (Hamilton at Shopes xii). Pangunahing ibinibigay ng metodolohiyang ito ang kapangyarihan sa mananalaysay upang ibahagi ang kuwento ng nakaraan, hindi lamang ayon sa pagkakatanda kundi ayon sa pagkakaunawa. Mamamalas ang pagkilala sa potensiyal ng magsasaka sa mga mungkahing kailangang makausap ko ang *mismong* mga taong nakisangkot sa pakikibaka dahil “Isuda ti makaammo ti pakasaritaan ti asyenda” (Sila ang nakakaalam ng kasaysayan ng asyenda).

Maliban sa pagtampok sa pagwiwika ng mga mismong sangkot sa mahahalagang pangyayari sa Hacienda Sta. Isabel at San Antonio, ginamit din ang iba’t ibang mga primaryang dokumento katulad ng mga magasin, petisyon, ulat, at rebolusyonaryong pahayagan. Makabuluhan ang nasabing mga batis dahil repleksiyon ito ng pananaw ng nagkakaisang tindig ng organisadong mga magsasaka kasama ang ibang mga sektor sa lipunan. Naipahayag ito sa mga petisyong inilabas para sa lokal at nasyonal na pamahalaan, gayundin sa mga interbyu sa mga pahayagan at magasin. Dahil din sa pagkakabuo ng Alyansa ng mga Magsasaka

sa Sta. Isabel at San Antonio (ALYANSA) kasama ang mga taong-simbahan at iba pang mga sumusuporta sa laban ng mga asyenda, lumabas ang napapanahong mga ulat o update tungkol sa mga paglabag sa mga karapatang pantao at iba pang kaugnay na mga pangyayari. Natatangi naman ang rebolusyonaryong pahayagan na “Baringkuas” (Balikwas) dahil sinasalamain dito ang sistemikong mga suliranin sa lupa hindi lamang sa lalawigan ng Isabela kundi sa buong Lambak ng Cagayan at Pilipinas. Naging mahalaga ang primaryang mga dokumento sa balidasyon ng naratibo ng mga mananalaysay. Sa pamamagitan din ng nasabing batis ay naipopook ang mga sarita hindi lamang sa konteksto ng lokal, maliitan o buhaghag na paglaban sa pang-aagaw ng lupa kundi sa organisado at masaklaw na pakikibaka para sa tunay na repormang agraryo.

## PAGHAHANAP NG KADAGAAN SA LALAWIGAN NG ISABELA

Magsisimula ang naratibo ng mga mananalaysay sa pagkakatatag ng Compañia General de Tabacos de Filipinas o Tabacalera sa Lambak ng Cagayan. Nang mabuwag ang Monopolyo ng Tabako sa Pilipinas noong 1881, ipinagpatuloy ng Tabacalera ang industriya ng tabako gamit ang kapital na \$2,500,000 (Jacobson 4; Pelzer 153) at nairehistro sa parehong taon ayon sa umiiral na batas pangkorporasyon (Malbarosa 2). Nakasaad sa mga alituntunin ng kompanyang nakabase sa Barcelona na tabako ang pangunahing pauunlaring produkto subalit depende sa ekonomikong kondisyon sa Pilipinas, maaaring magpalawak sa ibang agrikultural, industriyal, at iba pang komersiyal na mga layunin. Naisakatuparan ito sa ekspansiyon ng kompanya sa abaka, kopra, at asukal, gayundin sa pagnenegosyo sa alkohol at pagbabarko sa susunod na mga taon makalipas ang pagkakatatag (Rodao 1002).

Sa pamamagitan ni Antonio P. Casal, mayamang peninsular na nakatira sa Pilipinas nang 29 taon, napasakamay ng kompanya ang malalawak na asyenda sa Isabela (Putzel 28; Raventos 40-41). Noong Hulyo 1, 1882, sa tulong ng gobernador ng Isabela, mga pari ng parokya, at malaking bilang ng mga katutubo, pinasinayaan ang mga asyenda ng San Antonio at San Rafael, at ilang araw pagkatapos nito, ang Santa Isabel at San Luis (Raventos 43). Sa panahong ito, taglay na ng lalawigan ang reputasyon na pinanggagalingan ng pinakamahusay na sigarilyo sa buong mundo

(Malbarosa 8). Nakatutulong ang Rio Grande de Cagayan o Ilog Cagayan sa pagpapanatili sa taba ng mga lupain sa bahaging ito ng Hilagang Luzon. Ayon kay Don Agustin Orros, ipinangalan ang Hacienda San Antonio bilang pag-alala kay Don Antonio López y López at ang Hacienda Sta. Isabel bilang parangal sa anak ni Don Lope Gisbert (Malumbres 597), mga administrador ng kompanyang Tabacalera.

Makabuluhan ang mga kinaharap na hamon bago lubusang napakinabangan ang mga plantasyon dahil kailangang hawanin ang madawag na mga lupain at gubat ng Lambak. Bukod dito, pangunahing naging suliranin ang kaunti at mapagkakatiwalaang mga kasamá. Sa 38,000 residente ng Isabela noong 1876, tinatayang 5,000 ang mga nagsasarili o rebeldeng mga tribu (Raventos 42). Mas gusto ng mga katutubo na malayang makapagtanim at makapagbenta ng tabako kaysa mamasukan sa mga asyenda. Kaya noong 1880, sa pamamagitan ni Gob. Hen. Fernando Primo de Rivera, naglunsad ang kompanya at gobyerno ng malawakang pagrerekrut ng mga migrante mula sa Ilocos (Malbarosa 7). Sinasabing madaling nahikayat ang mga Ilokano dahil sa kakulangan ng lupang mabubungkal sa nasabing lugar. May reputasyon ang mga itong masipag at matiyaga sa gitna ng mahirap na kalagayang agrikultural.

Sakay ng barangay, pami-pamilyang dumating ang mga galing Ilocos sa mga asyenda upang maging inquilino o tenant na magtatrabaho sa plantasyon ng tabako ng mga Kastila. Ayon sa pagkakatanda ni JP sa kuwento ng kaniyang mga lolo at lola:

*Dagitoy tattao iti San Antonio, naggapuda amin Ilocos, Ilocos Norte, Ilocos Sur, Abra. Dagidiay puon, ninunok nga naggapo't Abra ket nagbarkoda nga immay ditoy. Innala dagiti Kastila. Nagpaspasurongda ta dagitoy aditoy nga barangay ken makadandanonda idi dita Sta. Isabel. Isuda iti inaramidda nga tulay nga nangluklukat amin. "Napintas iti benepisyoy nga yawatmi!" kuna dagiti Kastila. Di siempre, nagtrabahoda met nga nagtrabaho. Isudaamin iti nangaramid iti kalsada. Tapos isuda met ti nangluklukat dagitoy dagdaga. Idi met tiempo iti Kastila ket no madika agtrabaho ket saplitandaka.*

(Itong mga tao sa San Antonio, galing lahat sa Ilocos, Ilocos Norte, Ilocos Sur, Abra. Ang mga ninuno kong galing sa Abra, nagbangka ang mga itong pumunta

rito. Kinuha ng mga Kastila. Nagbarangay sila paakyat (salungat sa agos) dahil nakakarating ang mga barangay sa Sta. Isabel. Sila ang naging susi sa paghawan ng lahat. "Maganda ang bigay naming mga benepisyoy!" sabi ng mga Kastila. E 'di siyempre, nagtrabaho na sila nang nagtrabaho. Sila rin ang gumawa ng mga kalsada. Tapos sila rin ang nagbukas sa mga lupain. Noong panahon ng mga Kastila, hahagupitin ka kung hindi ka magtatrabaho.) (Aking salin)

Madawag na kagubatan ang dinatnan ng mga migrante. Kinailangan nilang hawanin at linisin ang mga lupain, upang maging angkop sa pagtatanim. Ang mga ninunong Ilokano ang "nagbangon" o nagtayo ng mga pamayanan dahil sila ang nagbukas at nagpaunlad sa mga lupa. Paliwanag naman ng mga galing Ilocos, napapayag silang magtrabaho sa mga asyenda dahil sa pangako ng Tabacalera na ipagkakaloob sa mga kasamá ang lupang binubungkal pagkalipas ng 50 o 100 taon (Tecson 5; Putzel 28). May mga naniniwalang berbal ang kasunduan dahil walang matagpuang kasulatan at ang iba nama'y nagsasabi na may kontrata subalit nawala na lang sa pagdaan ng panahon. Gayunman, magsasalín-salín ang ganitong alaala/ naratibo hanggang sa kasalukuyang henerasyon ng mga residente sa Sta. Isabel at San Antonio.

Hindi naganap nang minsanan ang migrasyon. Nang mabalitaan ng mga naiwan sa Ilocos na malawak ang mga lupain sa lalawigan, sumunod sila sa mga nauna nang lumisan. May mga tumuloy sa mga asyenda, mayroon din namang nanatili sa ibang lugar sa Isabela. Pero palaging natutulak ng paghahanap ng lung-aw (ginhawa) ang pag-alis mula sa Kailokuan. Ganito nahikayat ang lolo ni VCB na sumama nang magrekrut ng mga manggagawa ang Tabacalera sa Buguey, Cagayan noong unang dekada ng 1900. Ayon sa kuwento ng kaniyang lolo, sumama siya dahil ipinangako sa kaniyang giginhawa ang buhay sa Isabela na inilalarawan sa yaman ng lugar:

*Intayon, intayon! Intayot agparti iti baka. [Idiay], no timpagem iti diding, agtinnag iti saga-binting!*

(Tara na, tara na! Tara nang magkatay ng baka. [Doon], pampagin mo lang ang dingding, magkakandahulog ang tig-25 sentimos!) (Aking salin)

Mula sa inisyal na 150 setler noong 1882, lumaki ang bilang sa 4,000 sa kalagitnaan ng 1883, at pagsapit ng 1885, mayroon nang 3,527 migrante sa Hacienda San Antonio (HSA) at 1,527 naman sa Hacienda Sta. Isabel (HSI) (Raventos 43-44). Pagsapit ng 1903, tinatayang 1/3 na ng mga Kristiyano sa Lambak ng Cagayan ay Ilokano (De Jesus 200).

Naitala sa *La Compañía General de Tabacos de Filipinas* (1981) kung paano sinanay ang libo-libong setler at empleado sa sistematikong pamamaraan ng kultibasyon, pag-ani, at klasipikasyon ng tabako. Isa sa mga naging pamamaraan ang eksponensiyal na sistemang naglalayon ng tiyak at masaganang produksiyon. May kota ang bawat inquilino o tenant na bilang ng tabako kada pamilya. Ayon kay LG:

*Addaka pay laeng iti uneg [ti tian] ket bilbilangenda iti imulan. No maiyanak iti tao idin, adda bilangmi a mulan. Sangaribo iti maysa nga ubingen. Haan pay nga nakatangad<sup>2</sup> diay ubing ket addan kasdiyannan.*

(Nasa sinapupunan ka pa lang, binibilang na nila ang dapat maitanim. Kapag ipinanganak na ang sanggol noon, may bilang na siyang pananim. Sanlibong binhi kada bata. Kahit sanggol pa lamang, mayroon nang kota.) (Aking salin)

Ayon sa tala ni Tecson, inaasahang makapagtanim ng 12,000 hanggang 14,000 na puno ng tabako ang isang tenant kada ektarya (5).

Pagdating sa mga asyenda, binibigyan ang mga magsasaka ng kagamitan at hayop na kinakailangan para sa kultibasyon. Pinapautang din ang mga ito ng pera para sa kanilang kabuhayan hanggang sa anihan. Itinatala ang halaga ng pinahiram na inaasahang mababayaran sa pamamagitan ng mga ieentregang tabako. Bilang kapalit, kailangang hawanin, linisin, at bungkalin ng mga setler ang nilipatang lupain. Hinati ang mga asyenda sa mga Cabisera<sup>5</sup> na nakasentro sa mga lugar na angkop na tamnan. Nang handa na ang mga lupa, isinagawa ng Tabacalera ang malawakang pagpapatanim.

Ayon sa mga taga-asyenda, nagsisimulang magtanim ang mga bata ng tabako kung “adda puotnan” (may malay na). Pinagtatrabaho na ng magagaan ang pitong taong gulang subalit kadalasang nag-uumpisa ang regular na trabaho kapag marunong nang mag-araro ang

mga lalaki at tinedyer na ang mga babae.

Sa pag-uumpisa ng pagtanim ng tabako, nagpapautang na ang Tabacalera ng perang kadalasang napupunta sa batayang pangangailangan ng pamilya. Dito rin hinuhugot ng mga tenant ang para sa mga gastusin kung kinakailangan ng karagdagan paggawa para sa paggatud<sup>4</sup> at pagkapit<sup>5</sup>. Upang mapangalagaan ang mga pananim, kailangang kumuha ng pestisidyo at abono sa paktorya (*factoria*) ng kompanya. Ibabawas ang lahat ng mga ito pagdating ng pagamento o pag-eentrega ng tabako sa Casa. Dahil marami ang hindi nakapag-aral, hindi binubusisi ng mga tenant ang natatanggap na halaga. Hindi ipinapaliwanag sa kanila kung paano ang kompyutasyon sa nahiram nilang pera at input sa produksiyon. Maliban sa mga ito, madaling baratin ang presyo at dayain ang klasipikasyon ng mga tabako. Naniniwala ang marami na mayroong anomalyang nagaganap subalit hindi rin makapagreklamo. Hindi bihira ang walang naiuwi maski singko o ang tinatawag na “sayad”:

*Adda met diay masayad nga kunada. Gapo diay utang inggana awan a ti mapan kaniam. Adia lang listaan, ipakitadanto lang ti resibon ngem awan maawatmo idiaen, arigna nga naalam amin kaniadan. (PED)*

(Mayroon namang pagkakataong masasayad ka. Dahil sa mga utang, wala nang mapupunta sa iyo. Yun na lang listahan, ipapakita na lang yung resibo pero wala ka nang matatanggap, parang naitutang mo na lahat sa kanila.) (Aking salin)

Sa mga pagkakataong ganito, napipilitan ang mga tenant na humiram sa iba sa mas mataas na interes katulad ng mayayamang Intsik at mga negosyante sa bayan dahil hindi na nagpapautang ang Tabacalera pagkatapos ng pagamento.

Hindi naging madali ang buhay para sa mayorya sa mga tenant. Matagal nang nahaharap ang Tabacalera sa mga akusasyon ng eksploytasyon at monopolyo sa industriya ng tabako sa Isabela kahit sa ilalim ng administrasyong Amerikano (Davies 305-306). Hindi ito nabago hanggang sa gobyernong Marcos na ayon sa pananaliksik ng *National Secretariat of Social Action, Justice, and Peace* ay kinakitaan ng maraming pagkakatulad sa naunang Monopolyo ng Tabako sa Lambak (“The

Anca Case” 6). Sa Tabacalera, 1/3 ng kabuuang ani ang awtomatikong kinukuha kahit na sagot ng mga magsasaka ang lahat ng mga gastusin. Hindi rin miminsang naantala ang pagbabayad sa mga kasamá kaya napipilitang umutang ang mga ito sa kompanya. Madalas ang pagbale sa paktorya kaya karaniwan na ang pagkasimot ng kita pagkatapos tugunan ang mga obligasyon. Limang libong piraso ng tabako naman ang minimum na kota na kailangang maitanim at 150 kilo ang dapat maentrega sa mga *almacen* (bodega o kamalig) (Doyo 7). Nagpatuloy rin ang di-wastong klasipikasyon sa mga plantasyon. Bukod dito, kinukuha ang 1/5 ng mga tanim na palay bilang kapalit sa paggamit ng lupa ng asyenda kapag hindi panahon ng tabako. Dahil sa sistemikong anyo ng eksploytasyon sa mga magsasaka, nabaon sa siklo ng paghihikahos ang mga tenant. Palagian nang nakikihamok ang mga ito sa pagkakabaon sa utang, mababang presyo, madayang klasipikasyon ng tabako, mataas na gastos sa produksiyon, at mapagsamantalang hatian sa ani. At kapag walang-wala na, sa mga komersiyanteng usurero sila kumakapit. Sa ganitong konteksto ng pagpapataas ng kita, napananatili ang dominasyon ng Tabacalera sa produksiyon, manupaktura, kalakalan, at eksport ng tabako sa Pilipinas (Salgado *Cagayan Valley*, 648-649).

## **PANGAKO NG KADAGAAN SA ALAALA NG TATLONG HENERASYON NG MGA MAGSASAKA**

**B** agaman mahirap ang buhay sa mga asyenda, pinanghawakan ng mga tenant ang sarita na ipamamahagi sa kanila ang mga lupain pagkatapos ng 100 taon. Nagpasalin-salin ang ganitong salaysay sa ilang henerasyon ng mga tenant.

Ayon sa mga saritang naipamana sa mga sumunod na salinlahi, may pinirmahang dokumento na nagsasaad sa distribusyon ng mga lupain sa mga tenant pagkatapos ng 50 taon. Gayunman, sinunog diumano ito ng kompanya nang matalo ang Espanya ng kolonyalistang Estados Unidos kaya’t nausog ang pamamahagi ng mga lupain sa ika-100 taon ng Tabacalera sa bansa o sa 1981. Buhay na buhay sa alaala ng mga mananalaysay ang nasabing kasunduang makapagbibigay sa kanila ng karapatang ariin ang mga lupaing binubungkal:

*Malpas diay 50 a tawen, taga-asienda met lang iti nangkari idi nga kukuayon*

*ta daga. “Anusanyo pay laeng”, kunada idi. Idi kuan makitada nga mayat ti mayap-aporo nga tabako isu haanda met intultuloy. Inton 1980 isunto kunada. (LG)*

(Taga-asyenda rin ang nangako na pagkatapos ng 50 taon sa amin na ang lupa. “Pagtiyagaan niyo muna”, ang sabi nila. Nang makitang maganda ang klase ng mga tabako, hindi nila itinuloy [ang pamamahagi]. 1980 na lang daw.) (Aking salin)

Nagpasalin-salin ang sarita sa mga salinlahi hanggang sa panahon ni PED na ayon sa kaniya:

*Dagidiay nangegmi idi ket isu met lattan, inggana nailaklakaymi agidiay nga nangnangegmi.*

(Napatimo ang mga narinig namin, nanatili ang kuwentong ito hanggang sa pagtanda namin). (Aking salin)

Nagkakaiba rin ang mga naratibo kung nagpirmahan ng dokumento ang mga ninunong Ilokano at opisyal na Kastila. May papeles man o wala, ganito naman paliwanag ni TS kung bakit pinanghawakan ng tatlong henerasyon ng mga taga-asyenda ang pangako ng mga Kastila:

*Ti sao idi ket talaga nga natibker.*

(Totoong mabigat ang salita noon.) (Aking salin)

## **PANGANIB SA PANGAKO NG KADAGAAN**

**P** anandang pangkasaysayan ang taong 1981 dahil hudyat ito ng ika-100 taong pamamalagi ng Tabacalera sa Ilagan, Isabela. Ang panahong ito ang hinihintay ng mga magsasaka para sa distribusyon ng mga lupang binubungkal. Subalit may magaganap na makabuluhang mga pangyayaring makakaapekto sa inaasam ng mga taga-asyendang mapasakamay ang mga lupain.

Taong 1967 kinaharap ng Tabacalera ang matitinding krisis nang mabigong tugunan ang pinansiyal na mga obligasyon sa mga bangko at mamumuhunan (Raventos 287). Nagkaroon ng mga internal na reporma sa pamamahala subalit hindi na lubusang makakabawi ang kompanya. Kinailangan nitong ibenta ang ibang ari-arian kabilang ang mga asyenda sa Isabela.

Unang inalok ng kompanyang ibenta ang Hacienda San Antonio at Sta. Isabela sa gobyerno ng Pilipinas noong 1971 (Marcos 1982). Kung tutuusin, maaaring bilhin ng pamahalaan ang mga asyenda para sa repormang agraryo na programa ng presidente. Hindi agad natuloy ang negosasyon dahil sa kalagayang politikal noong dekada '70 na nagresulta sa pagbababa ni Ferdinand Marcos ng Proclamation No 1081 o Batas Militar noong Setyembre 21, 1972.

Isa si Eduardo "Danding" Cojuangco, Jr. sa pinakamalalapit na kroni ni Marcos na nabiyayaan sa panahon ng diktadura. Napasakamay nito ang Philippine Coconut Authority (PCA), United Coconut Planters' Bank (UCPB), at United Coconut Mills, Inc. (UNICOM) (Youngblood 35). Nagsimulang palawakin ni Danding ang kontrol sa mga industriya sa pamamagitan ng pinirmahang "Deed of Exchange" kasama ang Pangulo noong Enero 5, 1973. Sa kasunduang ito, papalitan ni Marcos ng 10 ektarya ng "undeveloped land" ang bawat ektarya ng maisan at tubuhang nasaklaw ng P.D. 27 na pagmamay-ari ni Cojuangco. Ginagarantiyahan nito ang karapatan ng kroni na ariin ang mga ibinigay na lupain nang habambuhay (Parreño 105). Kabilang sa mga napasakamay ng negosyante ang 12,000 ektarya ng Tabacalera sa pamamagitan ng nakuhang loan noong 1980 (Señoren 22-23).

Itinayo ang korporasyong ANCA, mula sa pangalan ng kasosyo at abogado (tinatawag ng ibang "dummy") ni Cojuangco na si Antonio C. Carag, taga-Cagayan. Para sa nasabing agribisnes, mangangailangan ng 6,000 ektarya upang patamnan ng niyog, tabako, bulak, at iba pang mga pananim. Inaasahan ang kumbersiyon ng mga lupain upang maging plantasyon ng mga varayti ng niyog na namumunga nang triple ang dami kaysa karaniwang klase (Señoren 23). Mauunawaan ang interes ni Danding sa mga lupain sa Isabela dahil:

*Together with Defense Minister Juan Ponce Enrile, Cojuangco can truly be said to be the "coconut king" of the Philippines. Cojuangco is the President of the United Coconut Planters Bank while Enrile is Chairman of the Board; he is also a member of the board of the Philippine Coconut Authority with Enrile as Chairman. Both have also put up the Unichem (United Coconut Chemicals, Inc.) to get at least a share of the coconut processing industry business which at present is totally controlled by foreign firms like Procter and*

*Gamble, Colgate-Palmolive and Unilever. (Salgado "Cancer in Isabela", 118)*

Kasama ang Tagapangulo ng Minister of Defense, Juan Ponce Enrile, tunay na maituturing si Cojuangco na "hari ng niyugan" sa Pilipinas. Presidente si Cojuangco ng United Coconut Planters Bank samantalang Tagapangulo ng Board si Enrile. Pareho nilang itinayo ang Unichem (United Coconut Chemicals, Inc.) upang makakuha ng *parte sa pagne negosyo sa industriya ng pagpoproseso ng niyog* na sa kasalukuyan ay nakokontrol ng mga dayuhang kompanya katulad ng Procter and Gamble, Colgate-Palmolive at Unilever. (Aking salin at diin).

Sa kabila ng dambuhalang puhunang inilaan para sa negosyo, kumbinsido si Cojuangco na agad na makakabawi (Señoren 23). Upang maisakatuparan ito, kailangang mabilis na maihanda ang mga lupain na magagawa lamang sa pagpapaalis sa mga taong kasalukuyang nakatira at/o nagbubungkal sa mga eryang masasaklaw ng proyekto. Ipinaliwanag ni Tomas Diaz, retiradong general at direktor ng proyekto ang alok ng ANCA sa mga tao:

*Anca will subdivide the two haciendas into two separate consolidated areas - one for all the tenants and one for Anca. This consolidation of area for the tenants will necessarily require the transfer or relocation of tenants' dwellings and reallocation of farmlots of the tenants whose farm and homelots are within the consolidated area of Anca. The tenants will get the equivalent of one half of what they are presently cultivating. (Señoren 22-23)*

Hahatiin ang bawat asyenda upang maging dalawang konsolidadong mga erya - isa para sa mga kasamá at isa para sa ANCA. Upang mapagsama-sama ang mga tenant sa iisang bahagi, kakailanganing ilipat dito ang kanilang mga bahay at lupang sinasaka na nakapaloob sa parteng ilalaan naman para sa ANCA. Makakakuha ang mga kasamá ng lupaing ang laki ay kalahati ng kasalukuyang binubungkal nila. (Aking salin)

Sinusuportahan ito ng Ministry of Agrarian Reform (MAR) dahil diumano'y isa itong natatanging anyo ng repormang

agraryo mula sa pribadong sektor na walang gagastusin ang pamahalaan dahil libreng maipamamahagi ang lupain sa mga magsasaka (Trinidad 19). Ipinagmamalaki nina Cojuangco at Carag na mapalad ang mga taga-Sta. Isabel at San Antonio dahil ibibigay nila nang libre ang *kalahati* ng mga lupa ng maaapektuhang mga residente. Sinasabi ring makapagbibigay ng trabaho, kalsada, tulay, paaralan at parke ang agribisnes. Ang libreng distribusyon din ng mga lupain ang dahilan ng optimistikong paniniwala ng mga opisyal na mabilis na mapapapayag ang mga tao.

Subalit taliwas sa inaasahan, hindi nagtagumpay ang “diplomatikong” pangungumbinsi sa mga taga-Sta. Isabel at San Antonio na tumangging lisanin ang kanilang mga lupain. Dahil dito, inatasan na ang puwersang militar upang gumawa nito:

*To “help” present the project to and “persuade” the hacienda people to agree with the Cojuangco plans, Anca has roped in government and military personages. Military has been poured into the two estates to “convince” the people. Camps have sprouted in several barangays and fortified with more army and police elements and the continuous training of ICHDF (Integrated Civilian Home Defense Forces) and BSDU (Barangay Self Defense Units). Stooges from these camps have been in charge in calling the people to Anca meetings. They have also been busy intimidating tenants to sign Anca papers. (Timpuyog ti Cagayan Valley 1)*

Upang “tumulong” sa pagpapakilala sa proyekto at “kumbinsihin” ang mga mamamayan ng asyenda na sumang-ayon sa mga plano ni Cojuangco, humingi na ng tulong ang Anca sa mga tauhan ng gobyerno at militar. Binuhusan ng mga sundalo ang mga asyenda upang “hikayatin” ang mga tao. Nagtayo ng mga kampo sa ilang mga baranggay na binabantayan ng maraming mga sundalo at pulis at patuloy na sinasanay ang ICHDF (Integrated Civilian Home Defense Forces) at BSDU (Barangay Self Defense Units). Ang mga ito ang inatasan sa pagpapatawag ng mga miting para sa Anca. Tinatakot din nila ang mga tenant upang pumirma ng pagsang-ayon sa proyekto. (Aking salin)

Mga sundalo ang unang kinasangkapan ng kompanya at gobyerno upang mapapayag ang mga tao sa agribisnes. Nang lumakas ang protesta ng mamamayan, lalong pinalaki ang

puwersa ng ANCA noong Hunyo 1981. Bukod sa mga militar, bumuo ang ANCA ng mga guwardiya mula sa mga lokal na residenteng kilalang mga lasenggo at “patapon ang buhay” (Mateo sa Tecson 18). Sa pamamagitan nito, mas matitiyak ng korporasyon na mapapadali ang pagsindak at pagpapasunod sa mga tao. May armas ang mga itong garrand at M-16 na di-tugma sa polisiya para sa mga sekyu na maikling baril at shotgun lamang ang dapat na dala (“One Day Inside” 7). Pinaniniwalaan ding may basbas ni Felix Querubin, administrador sa Sta. Isabel, ang kabuktutan ng notoryus na bodyguard nitong si Ismael Bumagat at iba pang mga guwardiya (“One Day Inside” 7; Timpuyog ti Cagayan Valley 2). Malinaw ang suporta ng lokal na pamahalaan at militar kay Cojuangco sa pagpapadala ng ICHDF upang katulungin ng mga sekyu (Mateo sa Tecson 8). Nanggagaling sa pondo ng probinsiyal na Philippine Constabulary ang sahod ng ICHDF. Pinangunahan ang kabuuang puwersa ng ANCA nina Ret. Gen. Diaz at Major Manaay na inilarawang mga sinanay sa giyera sa Mindanao at hindi mangingimik magpatahimik ng mga sumasalungat (Mga mananalaysay 2018).

Ekstensibong sisipiin ang “Situationer: Hacienda San Antonio - Sta. Isabel” (Timpuyog ti Cagayan Valley 4) upang mas maunawaan ang mentalidad ng mga tauhan ng ANCA at kung anong kayang gawin ng korporasyon upang makuha ang mga lupain:

An informant in Sta. Isabel Sur shared that Anca will replace the guards’ current commanding officer Danilo Manhi, a former military, because he is too kind - he cannot kill. The replacement will probably be Sammy Tominez (Major Manaay’s personal bodyguard), a criminal who is in charge of torturing farmers brought to Anca’s office. Manaay told the people that they are licensed to kill because they have a general to defend them. *The General and the Major purportedly told Manhi that it is better to kill the stubborn people because the land is dearer than their lives.*

Isang impormante mula sa Sta. Isabel Sur ang nagbahagi na papalitan daw ng ANCA si Danilo Manhi, ang kasalukuyang commanding officer ng mga guwardiya, at dating sundalo, dahil masyado siyang mabait – hindi niya kayang pumatay. Maaaring ang ipalit ay si Sammy Tominez (personal na bodyguard ni Major Manaay), isang kriminal na nangunguna sa



pagtortyur sa mga magsasakang dinadala sa opisina ng ANCA. Sinabi ni Manaay sa mga tao na mayroon silang lisensiyang pumatay dahil may suporta sila ng isang heneral. *Diumano'y sinabihan si Manhi ni Manaay at ng nasabing heneral na mas mabuti nang patayin ang matitigas ang ulo dahil mas mahalaga ang mga lupain kaysa sa buhay ng mga ito.* (Aking salin at diin)

Nagsilbing puwersa ng ANCA ang pinagsanib na mga guwardiya, ICHDF, at Army na maghahasik ng terorismo sa mga lugar na tinawag ng mga mananalaysay na “goons” ni Cojuangco. Sa alaala ng mga residente, isang araw ay sumalakay (“dimmarop”) na lang ang may mahahabang baril, magagaspang na ugali at marahas na disposisyon. Sa pamamagitan ng tropang militar at paramilitar, isinagawa ang halos walang puknat na pananakot, pagnanakaw, pangigikil, pananamantala sa kababaihan, pambubugbog, pagdakip, pagdukot, pagtortyur, at pagpatay (Purgganan 42). Mistulang nagsasariling republika ang ANCA na pinamamahalaan ng mga lasenggo, basagulero, at utak-pulburang mga guwardiya at mga pasista nilang amo. Nagpakawala ang gobyerno at kompanya ng armadong tropa na nagbawal sa pagtatanim at nagpalayas sa mga tao.

Sa kabilang banda, mariin ang pagtutol ng mga taga-Sta. Isabel at San Antonio sa relokasyon dahil hindi maganda ang lupa sa lilipatan. Ayon sa kanila, hindi maaaring sakahin ang mga natukoy na erya. Bukod dito, sisirain ang kanilang mga pananim na palay, mais, gulay, at mga puno (“One Day Inside” 7).

Mayroon na ring mga residente sa pagdadalhan sa kanila na makapagdudulot ng suliranin hindi lamang sa mga ililipat kundi pati sa mga daratnan, lalo’t karamihan sa mga ito’y kinakaharap din ang kakulangan sa trabaho. Hangga’t maaari, ayaw sana ng mga magsasakang lisanin ang lupang tinitirhan at sinasaka subalit may mga hindi na kayang salungain ang dahas ng goons ni Cojuangco. Paliwanag ng mga mananalaysay, walang laban ang mga magsasaka dahil wala naman silang baril.

*Umaydakami butbutngen, kayatda nga paakarendakami. Haanmi kuma kayat ti umakar ngem “No haanyo kayat ti umakar, puoranmi ta balayyo,” kunada met. Lipus ti panagbutbutengmi idi. Haankam pay makaturturog idin. (AI)*

(Palagi kaming tinatakot dahil gusto nilang paalisin kami. Ayaw sana namin pero “Kung hindi kayo aalis, susunugin namin ang bahay niyo,” pagbabanta nila. Lipos ang takot namin noon. Hindi na nga kami nakakatulog.) (Aking salin)

Isang buwan pagkatapos buhusan ng goons ng ANCA ang San Antonio, 57 na bahay sa Cabisera 27 ang inalis o sinira (Doyo 9). Dumating ang mga trak na ginagamit sa pagtontroso na nagdala sa mga bahay patungo sa relokasyon. Ibinahagi ng isang misis mula sa Cabisera 27 ang malubhang kahirapan sa nilipatan malapit sa Aggasian at Villa Imelda dahil sa kawalan ng ikabubuhay (“The ANCA Case” 8). Isang beses na lang sila kung kumain at hindi na nakakapag-aral ang mga bata. Pati ang mga mister na dating nakapag-uwi ng P40.50 kada linggo ay may P2.40 na lang. Kaya napilitan ang marami sa kanilang magtrabaho sa ibang lugar upang may maipambuhay sa pamilya.

Sumunod naman ang pagpapalayas sa ibang mga Cabisera. Inilarawan ni FB ng Cabisera 19 na “kamosanto” o sementeryo ang lupaing nilipatan. Mayroon din namang mga pamilyang hindi nanatili sa relokasyon dahil “mamamatay ang kalabaw” roon. Marami sa mga ito ang nanahan malapit sa ilog. Nagkatotoo rin ang pangamba ng mga magsasaka nang magmistulang sardinas ang mga erya nang magsama-sama ang mga lumipat at mga dati nang nakatira. Ayon sa mga mananalaysay, kabilang sa mga napalayas ang Cabisera 3, 4, 5, at 19 ng San Antonio at naging relokasyon ang Centro, Cabisera 2, 10, at 22.

## POTENSIYAL NG KADAGAAN PARA SA PAGTATANGGOL SA LUPA

**S**a harap ng tumitinding pandarahas at dumaraming pamilyang napapalayas sa mga lupain, kolektibong tumindig ang mga taga-San Antonio at Sta. Isabel upang tutulan ang proyektong agribisnes. Sa paglalarawan ng “Baringkuas: Rebolusyonaryo A Diyaryo Ti Umili Iti Cagayan Valley” (9):

*Iti uneg ti tallo a tawen (1980 - 1983), inrusuatda ti kadakkelan a tignayan ti masa laban iti panagagum. Adu kadakuada ti rinanggasan dagiti Company Guards ken 21<sup>st</sup> IB ti Philippine Constabulary.*

(Sa loob ng tatlong taon [1980 - 1983], idinaos nila ang pinakamalaking pagkilos

ng masa laban sa pangangamkam. Marami sa kanila ang dinahas ng mga Company Guard at 21<sup>st</sup> IB ng Philippine Constabulary.) (Aking salin)

Hahamunin ng mga Ilokano kung bakit iba ang umaangkin sa lupa samantalang sa kadagaan, pinagsisilbing mataba ang lupa upang mapakinabangan ng *mismong* nagbubungkal. Mababanaag dito ang potensiyal ng Ilokanong konsepto upang ipagtanggol ang lupa sa mga magtatangkang umagaw rito. Sa kasagsagan ng laban naibahagi ni Manong Turing sa isang interbyu ang kaniyang pangarap pagkatapos maghintay ng 100 taon:

*We have worked on this land - my ancestors and I - for over a century. Like them, I have dreamt of someday owning the 2 hectares I till. For so long now, I have wanted to be free to plant what I would for my family, to earn enough for three meals a day, clothes for my four children, money for their education. ("The ANCA Case" 1981, 5)*

Mahigit sandaang taon naming pinagpaguran ang lupang ito - ako at ng aking mga ninuno. Katulad nila, nangarap akong darating ang panahon na ako na ang magmamay-ari sa dalawang ektaryang aking binubungkal. Kaytagal ko nang gustong makalaya upang maitanim ang nais ko para sa aking pamilya, kumita ng sapat upang makakain nang tatlong beses sa isang araw, damit para sa aking apat na anak at pera para sa kanilang edukasyon. (Aking salin)

Malinaw sa sipi ang pagsasalín-salín ng kagustuhang maangkin ang lupa para sa pagkakamit ng lung-aw (ginhawa). Nakapaloob dito na kapag malaya na ang magsasaka, magkakaroon ito ng kitang lampas sa mga batayang pangangailangan upang maibili ng damit at mapag-aral ang mga anak. Ekonomiko ang konsepto ni Mang Turing ng kalayaan at makakamit ito kung wala nang magdidikta at makikihati sa bunga ng lakas-paggawa. Sentral sa sipi ang pagkilala sa dantaong pagpapagal ng mga magbubukid upang linangin at paunlarin ang mga lupain. Kaya naman para sa mga taga-asyenda, inaagawan sila ng karapatang ariin ang kanilang mga pinagpaguran sa loob ng mahabang panahon.

Itong kabuluhan ng kadagaan ang hindi maunawaan ng mga kapitalistang nagsusulong ng agribisnes ng ANCA. Pansinin din ang magkaibang pagtingin ni Antonio Carag at ng mga magsasaka kaugnay ng isyu sa mga lupain ng Tabacalera:

Sipi Mula sa Petisyon ng mga Magsasaka (1981) (Baringkuas 2002, 9)	Sagot ni Antonio Carag sa Petisyon (Philippine Panorama, Abril 5, 1981)
<p><i>Nagbiag ken nagubra kami iti narigat la unay a kasasaad nga intinnag ti TABACALERA. Ngem ni kaanoman, saan mi a ninamna a maaguman kami iti daga, makissayan ti sukayen mi, mapatakyas iti pagindegan, wenno mapabakwit iti sabali a lugar. Daytoy ti kaipapanan ti transaksyon ni Danding Cojuangco.</i></p> <p>(Nabuhay at nagtarabaho kami sa ilalim ng lubhang mahirap na kalagayan sa ilalim ng TABACALERA. Subalit kailanman, hindi namin inaasahang maagawan ng lupa, mabawasan ang sinasaka, mapalayas sa tirahan, o magbakwit sa ibang lugar. Ito ang kahihinatnan ng proyekto ni Danding Cojuangco). (Aking salin)</p>	<p><i>This is an illogical position and we can't really do something about it. But supposing your father was renting a lot and the renting was passed on to you, it doesn't follow that your children could claim ownership of the lot. After all, the tenants had been collecting their share from Tabacalera. They did not work for free.</i></p> <p><i>Why were the farmers never initially consulted regarding the deal? "I have a car, but one day I found the need to sell my car. Do I still have to consult my driver regarding the deal?"</i></p>

Sa unang kolum, mapapansin sa unang dalawang pangungusap ang pag-aangkin ng mga magsasaka sa pinagpapaguran sa kabila ng mabigat na kondisyon sa Tabacalera. Mababanaag dito ang paniniwalang mapapasakamay ang mga lupain pagdating ng panahon (kaya naman nakapagtiis) subalit may panganib na hindi ito mangyari dahil sa agribisnes ni Cojuangco. Sa kamalayan ng mga magsasaka, ang ANCA ang *mang-aagaw* dahil ang mga *nagbubungkal* ang makatwirang magmay-ari ng mga lupain. Nasa kabilang ispektrum naman ang posisyon ni Carag na hindi kinikilala (1) ang halaga ng pagod ng mga tenant mula sa kanuno-nunoan hanggang sa kasalukuyang henerasyon at (2) ang importansiya ng redistribusyon ng mga lupain at katarungang panlipunan. Malinaw ang pagdambana ni Carag sa pribadong pagmamay-ari na pumoprotekta sa karapatan ng may titulo na magbenta at magpasa ng mga lupain sa sinumang may kakayanang bumili *kahit pa hindi niya ito pinagpapagurang bungkalin at paunlarin*.

## PAG-AANGKIN SA BUNGA NG PAGPAPAGAL

**M**alalagom sa mga naratibo ng mga mananalaysay ang mga dahilan kung bakit nila tinutulan ang proyekto: hahatiin ang mga lupa nila at ililipat sila sa ibang lugar. Pansinin ang inisa-isang mga batayan:

<p><i>Adiay dagami idiay ket talaga mabingay ta dagidiay umakar ket [mapaalis] ta kukua ti ANCA diay guduana. Di ketdi basbassit diay dagamin. Itatta ti permi nga agreklamo idi, agrebelde, dagidiay kunak a, siempre dagidiay balbalayda napipintas, dagada napipintas, kasdiay. (MV)</i></p>	<p>Talagang mahahati ang mga lupa namin dahil palilipatin ang mga tao upang makuha ng ANCA ang kalahati ng mga lupa. E di liliit ang mga lupa namin. Ang talagang nagrereklamo nun, mga nagrebelde, yung mga may magagandang bahay at magagandang lupain.</p>
<p><i>Inikkatda ti karbengan mi nga agtagikuan ta kakaasikami idin, biningayda ti San Antonio. Ti guduana kukuami kuma ngem sabali ti inimplementarda ta ipandakami yanti tulang nga kunada ket haankami nga agbiag didiayen. (FLO)</i></p>	<p>Tinanggalan kami ng katapatang pagmay-arian ang mga lupain, kaawa-awa kami nun, hinati nila ang San Antonio. Yung kalahati, sa amin sana pero iba ang isinagawa dahil ilalagay kami sa buto [kalansay], hindi kami mabubuhay run.</p>
<p><i>No nakapinpintas iti yanti dagam, yakardaka ti naalas a daga. (MH)</i></p>	<p>Kung maganda ang lupa mo, ililipat ka sa di-magandang lupa.</p>
<p><i>Kasla kuma kaniami, ti dagami ket kua, adiay napintas nga daga, nga matantannawagan iti karayan, ta papanendakami kanon ta idiay, idiay, ti kukuayo, kunkunanada met idi. Ket haanmi kayat a, ket nagpintas ti kaniami apay ta ipandakami idiay haan nga nataba, diay ruot, diay haan nga makumkuman, kasdiay ti kayatda idi. (MP)</i></p>	<p>Halimbawa kami, mataba ang lupa namin, tanaw ang ilog, pinapalipat kami dun! Dun, ang inyo! Ayaw namin dahil maganda ang lupa namin, papupuntahin kami sa hindi mataba, sa talahiban, sa hindi nabubungkal, ganun ang gusto nila nun.</p>
<p><i>Ti kayatda, papanawendakami ditoy. Yapandakami idiay ig-igid. (BO)</i></p>	<p>Ang gusto nila, palayasin kami rito. Ilalagay kami sa gilid-gilid (laylayan).</p>
<p><i>Uray no napintas iti dagam idi ket no kayatdaka nga ipurrasi didiay ket ipurrasidaka lattan, dagitay immay nga soldado idi. (JUA)</i></p>	<p>Kahit maganda ang lupa mo nun kung gusto ka nilang itapon sa malayo, itatapon ka na lang, ng mga sundalong dumating nun.</p>

<p><i>Haanda nga natungpal diay nasayaat nga proposalda idi ta no napintas iti kumanmo, mapanka iti kabatoan. No napintas met ti talonmo, mapanka met iti kabagbagingan. Isu adiaay nagriri iti tao. (PG)</i></p>	<p>Hindi nila nasunod ang magandang proposal nila dahil kung maganda ang bukid mo, ilalagay ka sa mabatong lugar. Kung maganda naman ang sinasaka mo, ilalagay ka sa mabaging. Dahil dito, nagreklamo ang mga tao.</p>
<p><i>Ta ibagada nga ikkatenda ti kumkuman ken balbalaymi, bulldoserenda, kunada. Adda diso nga pangipananda kaniami ket haanmi met kayat. No ania diay kayatda nga diso nga pangipapanan kaniami, no kayatdakami kuma nga ipan diay turturod, addakam idiaay kuma. (PED)</i></p>	<p>Sinabi nilang paaalisin kami sa mga bukid at bahay namin, ibubuldozer nila. May lugar kaming lilipatan pero hindi namin gusto. Sila ang nagtakda kung saan kami pupunta. Kung gusto nila kaming dalhin sa mga burol (mabato), nandun sana kami.</p>
<p><i>Ngem iti matandaanak adiaay napintas a dagami mapan iti naalas nga masukatan ti haan nga napintas nga daga, ipanda idiaay, agsisinnukat kasdiay. Ngem haan nga intulok ti nagannakmi dayta. (GAB)</i></p>	<p>Ang natatandaan ko, papalitan ng pangit na lupa ang maganda naming sakahan. Ilalagay kami run, magpapalitan ng mga posisyon. Pero hindi pumayag ang mga magulang namin.</p>
<p><i>CHDF, company guard idi, idiaayka nga banda, kunada ngamin. Ket itatta dagidiay nagannakko, “Ne tang, nagadayotayon! Nakaal-alas met nga kulong nga taltalon ne,” kunak met a. Haan nga mabalin a ta nagpintas diay talon ni tatang idi. (TER)</i></p>	<p>Ang sabi ng CHDF at company guard nun, dun ka sa banda run. Ngayon yung mga magulang ko, “Ne tatang, napakalayo naman nun! Napakapangit pang sakahan,” ang sabi ko. Hindi puwede yung ganun dahil maganda ang bukid ni tatang nun.</p>
<p><i>Ket kasano nga umakarkami ket awan pay kanenmi. Mapankay sabali nga lugar ket awan met kumanmi idiaay. (LG)</i></p>	<p>Paano naman kami lilipat e wala kaming makain. Papupuntahin kami sa ibang lugar pero wala naman kaming lupang mabubungkal dun. (Aking salin)</p>

Sa pawang ekonomikong pagtingin, maaaring maunawaan ang sentimiyento ng mga magbubukid na ayaw mabawasan ang binubungkal at ayaw mapunta sa pangit na lugar. Lohikal at praktikal ang pagtutol kung wala naman silang kabuhayan sa lilipatan gaya ng karanasan ng maraming mga impormal na setler sa kalunsuran na inireklamo ang kawalan ng trabaho sa relokasyon. Ito ang dahilan kaya kadalasang bumabalik ang mga ito sa lugar kung saan may kabuhayan sa kabila ng panganib na mahuli o mapalayas ulit. Kahalintulad ito ng rason ng mga tumututol na taga-Sta. Isabel at San Antonio.

Subalit kung iugnay sa kadagaan, matatandaang sentral sa konsepto ang *aktibong paggawa upang maging mataba o kapaki-pakinabang ang lupa*. Sa ganitong balangkas, masasabing kaya tumututol ang mga residente sa paghahati ng lupa ay dahil napaunlad na nila ito. Nabuhusan na ng pagod at pangangalaga ng ilang henerasyon ng mga nagbubungkal. Kaya naman nabanggit sa mga sipi na pangunahing umaayaw ang may magagandang lupain. Sa parehong esensiya, tinutunggali ang planong relokasyon dahil sa pangambang hindi sila makapagtatanim dito. Nag-aalala silang hindi nila kadagaan ang lugar na “naalas ti daga” (pangit ang lupa), “haan nga nataba” (hindi mataba), “ruot” (damo), at “tulang” (buto). Ang mga inihandang relokasyon na nasa “ig-igid” (gilid-gilid o laylayan) at “nagadayo” (napakalayo) ay “haan nga makumkuman” (hindi nabubungkal) dahil “kabatoan” (mabato), “kabagingan” (mabaging), o “turturod” (maburol). Naranasan ito mismo ng mga pinalikas na taga-San Antonio:

<p><i>Ket adu a rigat a, kakaasikami a ta madikami met makabirok, awan met ti pagmulaanmi idia y inakaranmi. Ket mapan mangmangged idi a ta kabbalayko ti kua, mangal-ala ti kanenmi. (AI)</i></p>	<p>Maraming paghihirap, kaawa-awa kami dahil walang kabuhayan, wala naman kaming tatamnan sa nilipatan namin. Kaya namamasukan nun itong mister ko para may pangkain kami.</p>
<p><i>Isu pay ti pagkamangan ti dadduma ngem kuna daydi lakayko, matay ti nuang dita kunana, awan pagpakanan, isu kinayatna ditoy. (VCB)</i></p>	<p>Dun din pumupunta yung iba pero sabi ng mister ko, mamamatay ang kalabaw riyan, walang makakakain, kaya mas ginusto niya rito.</p>
<p><i>Narigat a, haan nga daga. Kabatbatoan, kamposanto. Kasla kamposanto. (FB)</i></p>	<p>Napakahirap, hindi lupa. Mabato, sementeryo. Tila sementeryo. (Aking salin)</p>

Katulad ng dinanas nina AI, VCB, at FB, tinangka ng kanilang pamilyang magsaka sa nilipatang lugar subalit bigo silang gawing kapaki-pakinabang ang lupa. Makabuluhan ang pahayag na “matay ti nuang” o mamamatay ang kalabaw upang mailarawan kung anong klaseng lupa ang hindi kayang magpakain sa maaasahang hayop. Makapangyarihan ang paggamit ng deskripsiyong “kamposanto” (sementeryo) upang bigyang-diin na lugar ito kung saan hindi lang hayop ang mamamatay kundi pati mga tao. Upang maitawid ang pamumuhay, kinailangan nang magbenta ng mga magsasaka ng lakas-paggawa sa ibang lugar.

## **SUPERNATURAL NA SALIK NG KADAGAAN SA DANAS NG HACIENDA SAN ANTONIO AT STA. ISABEL**

**S**a puntong ito’y muling babalikan ang Ilokanong konsepto ng kadagaan kung saan may papel ang supernatural (wala sa kontrol ng tao) sa biyayang makukuha mula sa lupa (o kabuhayan sa pangkalahatan). Hindi naman ito isinasantabi, subalit may natukoy na kongkretong mga salik na nagreresulta sa kalagayan ng “saan a kadagaan” (hindi kadagaan): *Sa karanasan ng Hacienda San Antonio at Sta. Isabel, hindi supernatural na puwersa ang nagkakait sa mga tao upang makamit ang kadagaan (maunlad na lupa).* Hindi ang lupa / daga ang may kasalanan sa kakapusan at kahirapan kundi ang mapagsamantalang sistema ng hatian at ang hindi makatarungang batayan ng pagmamay-ari ng lupa.

Matatandaang sentral sa kadagaan ang aktibong pagpapagal upang gawing produktibo ang lupang nilipatan. Kung susuriin, napagtagumpayan ng mga migranteng Ilokano na hawanin at paunlarin ang mga lupain sa asyenda. Napatunayan ito ng 100 taong pamamayagpag ng Tabacalera sa produksiyon ng tabako sa loob at labas ng bansa. Napapakinabangan din ng mga tao ang mga pananim na mais, palay, at gulay pero hindi lubusang nakukuha ang bunga ng pagod dahil nakikihati ang Tabacalera sa kanilang ani. Maaari sana itong makamit kung ipinamahagi ang mga lupa pagsapit ng 1981, isang siglo makalipas ibigay ng Kastilang administrador ang pangako sa mga Ilokano. Sa pagdating ng korporasyong ANCA na tinaguriang mangangamkam ng lupa, madaling nasapul ng mga tao kung bakit kailangang ipaglaban ang mga binubungkal.

Sa kadagaan, pinipili rin ng lupa ang kaniyang bibiyayaan kaya naman kahit sa kabila ng ekstraordinaryong pagsisikap, mayroon pa ring hindi napagbubunga ang lupa. Gayunman, sa gitna ng mapagsamantalang sistema ng hindi pantay na hatian sa ani; mababang presyo ng mga produkto; hindi nakabubuhay na kita; siklo ng kahirapan at kamangmangan; at matingkad na hindi pagkakapantay-pantay, hindi nabibiyaan ang magsasakang nagbubungkal kahit pa ibayong sikap ang ibuhos. Nakita na ito sa karanasan ng mga taga-asyenda sa ilalim ng Tabacalera. Gayundin, naranasan ito ng mga napalayas na mga residente sa kanilang relokasyon sa ilalim ng korporasyong ANCA. Matatandaang tinutulan ng mga taga-Sta. Isabel at San Antonio ang lugar na paglilipatan dahil sa katangian nitong mabato, mabaging, malayo, o mala-sementeryo. Kahit anong gawin ng matiyagang magbubukid, hindi magiging mabunga ang lupa dahil kahit kalabaw, susukuan ito. Kung wala nang sapat na ikinabubuhay ang mga tao, maaaring magresulta ito sa pagkakasakit dahil sa kakulangan sa nutrisyon o kawalan

ng pampagamot. Kung hindi malulunasan, maaari pang humantong sa kamatayan. Hindi nga ba't puwedeng tawagin ang mga itong "kamalasan"?

## PAGKAKATULAD NG KADAGAAN AT TUNAY NA REPORMA SA LUPA

**S**a pagbabago ng panahon at pag-unlad ng politikal na kamulatan, kongkretong matutukoy ng mga magsasaka kung ano o sino ang nagkakait sa kanila ng kadagaan at kung anong maaaring kalutasan dito. Sa paglakas ng laban ng mga magsasaka laban sa agribisnes ni Cojuangco, itinaguyod nila ang "tunay na repormang agraryo" ("Turmoil in Cagayan" 12) na masasabing may pagkakatulad sa konsepto ng kadagaan:

KADAGAAN	TUNAY NA REPORMA SA LUPA
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Bubuhusan ng sipag at tiyaga ng mga magsasaka ang lupa upang maging produktibo.</li> <li>• Patunay ang masaganang ani na kadagaan ng <i>nagbungkal</i> ang lugar.</li> <li>• "Saan a kadagaan" (hindi kadagaan) ang pook kung dumarating ang malalang karamdaman, di-inaasahang kamatayan, o sunod-sunod na kamalasan.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Libreng pamamahagi sa mga magsasaka ng <i>lupang binubungkal at pinagpapaguran</i>.</li> <li>• Pamimigay ng suporta at subsidyo sa mga importanteng aspekto ng produksiyong agrikultural.</li> <li>• Pagbabawal sa kumbersiyon, eksempsiyon, at eksklusyon na makapagpapawalang-bisa sa distribusyon ng lupa.</li> </ul>

May parehong esensiya ang kadagaan at tunay na reporma sa lupa: mapasakamay ng nagbungkal ang bunga ng kaniyang pagod. Sa pakikiisa sa ibang sektor at pag-unlad ng kamalayan, mabisa nang nasasapul na hindi nanggagaling sa langit ang paghihirap ng mga tao kundi sa daigdig mismo. Mababanaag ito sa sumusunod na pahayag:

*Ania kadi ti pagapoan iti riribok? Kas kuma iti presidente, iti kapitalista, ania ti mangmangtuat kadagiti panagrigrigat iti mannalon? No haan nga dagita nangato nga it-itedda nga produkto iti talon nga aggapo sabali nga nasyon. E di haan kadi nga ti produkto iti mannalon, kakaasi ta nababa ti presio iti irik, mais. Apay kastoy ti mapaspasamak iti mannalon? Ti panagrigrigat. (GAB)*

(Ano bang pinanggalingan ng mga tunggalian? Katulad ng presidente o kapitalista, ano ang nagdudulot ng paghihirap ng mga magsasaka? Yang mga napakamahal na input sa produksiyon na galing sa ibang bansa. Tapos kawawa ang mga magsasaka dahil [mahal ang nagastos] pero binabarat ang bili sa palay, mais. Bakit ganito ang nagaganap sa magsasaka? Ang mga paghihirap.) (Aking salin)

Matutukoy na kung sino o ano ang salarin sa patuloy na pagkakalugmok ng masipag na magbubukid. Para sa masang magsasaka na nagkaroon na ng politikal na kamulatan, hindi na supernatural na puwersa ang pinagmumulan ng saan a kadagaan (hindi kadagaan) kundi sistema ng hindi pagkakapantay-pantay. Sa kasaysayang agraryo, pinagmamay-arian ng iilan ang malalawak na lupain dahil sila ang nakapagpatitulo (dahil sa usura, desepsiyon, pagpapalayas, at iba pa). Kadalasang kahit ekstraordinaryong lakas, hindi sasapat kung napupunta lang sa pambayad-utang ang kalakhan ng inani. Sa mga pagkakataong ganito, kailangan na ng pagbibigay ng suporta at subsidyo upang matulungan ang mga magsasakang makatuon sa pagpapaunlad ng lupain. Sa pamamagitan nito'y mabibigyan ng pagkakataon ang mga taong makahulagpos sa kalagayang nagdudulot ng saan a kadagaan (hindi kadagaan). O sa ibang salita, ang tunay na repormang agraryo ay *paglalalatag ng kondisyon upang malikha ang kadagaan*. Upang maging masagana ang lupa para sa mga nagpapagal, kailangan ding ibigay ang suporta sa mga magsasaka sa mahahalagang aspekto ng produksiyon. Kaya naman masasabing mahalaga ang tunay na repormang agraryo sa pagkamit ng kadagaan.

## KADAGAAN SA NAGBABAGONG PANAHON

**K**aiba rin sa nakagawian ng mga “lagalag” na Ilokano ng palagiang naghahanap ng ginhawa, hindi na kasindali ang paghahanap ng kadagaan sa modernong panahon. Dahil sa pagbabago ng mga kalagayang panlipunan, hindi na katulad ng dati na marami pang malalawak na lupaing malilipatan at mahahawan. Halos lahat na ng mga lupain sa Pilipinas ay mayroon nang pribadong nagmamay-ari at hindi rin naman bukas para sa lahat ang pampublikong mga lupain. Bukod dito, hindi lahat ng mga Ilokano ay may kakayahang mangibang-bayan o may kamag-anak sa ibang bansa. Gayundin, mas mahigpit na ang mga batas patungkol sa migrasyon lalo ng mauunlad na bansa. Sa gitna ng mga nasabing pagbabago, masasabing may pag-angkop na ring makikita sa konsepto ng kadagaan. Dahil sinasabing transheograpiikal ang mga Ilokano, hindi na nalilimita lamang sa “lupang sinasaka” ang “daga” sa kadagaan (lalo’t hindi naman lahat ng mga Ilokano’y magbubukid). Mahalagang sipatin, halimbawa, ang mga manggagawang Ilokano sa nagtatanggol sa karapatan sa paggawa. May kaakibat pa ring konsepto ng kadagaan ang pagtatanggol sa hanapbuhay dahil ito ang tumutugon sa pangangailangang ekonomiko.

Masasabing malaki ang potensiyal ng konsepto ng kadagaan sa pagtatanggol sa lupa (o kabuhayan) dahil sa kaisipang karapat-dapat na mapasakamay ang bunga ng lakas-paggawa. Subalit dahil sa mga pagbabagong dala ng panahon, hindi na sasapat ang mga tradisyonal na paraan ng paghahanap sa kadagaan (pagdappat [pagposisyon sa mga lugar na walang nakatira] o pangigingbang-bansa). Kaya para sa mga nakibakang masa sa Sta. Isabel at San Antonio, maisasakatuparan lamang ang kadagaan sa pamamagitan ng pagsulong ng tunay na reporma sa lupa. Paliwanag ng isang residente ng Sta. Isabel:

*Ay awan pay, haan pay nga nagun-od, awan pay ti [pudno] a reporma ti daga. Ta ti laban, kusto nga kukuam ti daga, kukuam ti ap-apitem. Ngem ditay pay ammo no pagtinnaganto ta baka laeng agkurri manen dagiti dadakkel nga tattao, baka agkurri manen kasla diay dati. No maapan to manen ti kastan ay ket ilabanmi latta a. (JUA)*

(Wala pa, hindi pa nakakamit, wala pang [tunay na] reporma sa lupa. Dahil ang ipinaglalaban, ang makatarungang pag-aangkin ng magsasaka sa lupa at ani. Pero hindi natin alam kung saan patungo ito dahil baka subukan na naman ng malalaking tao, baka bumalik yung katulad ng dati. Kung mangyayari man ito, lalaban pa rin kami.) (Aking salin)

## PANGWAKAS

**M**asasabing nagtagumpay ang mga mamamayan ng Hacienda Sta. Isabel at San Antonio sa kanilang pakikibaka dahil inatras ni Danding Cojuangco ang kaniyang planong agribisnes sa lugar. Taong 1983 nang tuluyang lisanin ng mga tropang militar at paramilitar ang mga asyenda. Sa kabila nito, sinasabing hindi pa rin tuluyang nakakamit ang tunay na repormang agraryo kahit pa ipinag-utos ni Pangulong Ferdinand Marcos ang pamamahagi at pagbebenta ng 11,448 ektarya sa mga magsasaka. Landbank ang bibili ng mga lupa sa ANCA at babayaran naman ng benepisyaryo ang halagang itatakda ng bangko sa loob ng 15 hanggang 25 taon (*Partial Reports*). Dito hindi sang-ayon ang mga magsasaka sa asyenda dahil:

*Libre kuma nga maited ti dagdagamin ta isuda ngarud ti nangsuksukay kadagidiay nga dagdaga. (TER)*

(Libre na sanang ibigay sa amin itong mga lupa namin dahil [ang mga ninuno] namin ang nagbungkal sa mga lupang iyon.) (Aking salin)

Muli, mababanaag ang pag-aangkin sa lupang pinagpaguran at sa ganitong esensiya masasabing nagpapatuloy pa rin ang pakikibaka ng mga magsasaka para makamit ang kadagaan.

Gayunman, hindi inaangkin na kadagaan lamang ang dahilan kaya ipinagtanggol ng mga magsasaka ang lupa. Sa katunayan, ang pananagumpay ng kilusang masa sa Hacienda Sta. Isabel at San Antonio ay resulta ng pagkakaisa ng iba’t ibang sektor<sup>6</sup>. Subalit makabuluhan pa ring siyasin ang konsepto upang mas maintindihan ang proseso ng paghahanap ng ginhawa ng mga Ilokano kabilang ang pagsusulong ng tunay na repormang agraryo at iba pang mga usapin sa lupa at kabuhayan. ♦

## MGA TALA

- 1 Bahagi ng aking disertasyon (2019) ang mga sipi at mga pangyayaring sinuri sa papel.
- 2 Ang literal na salin ng “haan pay nga nakatangad” ay “hindi pa nakakatingala o naiaangat ang ulo” na ang ibig sabihin ay “sanggol”.
- 3 Magiging politikal na yunit (baranggay) ang mga cabisera sa ilalim ng administrasyong Amerikano.
- 4 “Gatud” ang tawag sa pagpitas o pag-ani sa mga dahon ng tabako.
- 5 “Kapit” o “apit” ang tawag sa pagsasama-sama ng mga tabakong magkakapareho ang sukat at kalidad at pagrorolyo o pagtirintas sa mga ito.
- 6 Para sa karagdagang detalye, maaaring sangguniin ang “Kadagaan sa Sarita at Pakasaritaan: Ang Kilusang Masa ng San Antonio at Sta. Isabel, Ilagan Isabela,” Disertasyon (2019). Tri-College PhD Philippine Studies, UP Diliman.

## MGA SINIPING AKDA

- Agcaoili, Aurelio S. *Dangadang*. QC: University of the Philippines Press, 2003. Limbag.
- Agcaoili, Aurelio Solver. *Balabala ti Filosofia nga Ilokano*. Honolulu: Undertow Books, 2016. Limbag.
- Constantino, Renato. “Kadagaan.” *Ilokano Dictionary*. Honolulu: University of Hawaii Press, 1971. Limbag.
- Davies, C. H. “Tobacco-Planting in the Philippines.” *Pacific Affairs* 12.3 (1939): 304-307. Limbag.
- Doyo, Ma. Ceres P. “The Farmer of the Valley Though Bowed Down by the Weight of Centuries No Longer Just Looks on the Ground.” *Philippine Panorama* Abril 5, 1981: 6-13. Limbag.
- Galvez-Rubino, Carl R. “Kadagaan.” *Ilocano Dictionary and Grammar*. Honolulu: University of Hawaii Press, 2000. Limbag.
- Geladé, George P. “Kadagaan.” *Ilokano-English Dictionary*. Manila: CICM Missionaries, Inc., 1993. Limbag.

Hamilton, Paula at Linda Shopes, mga ed. *Oral History and Public Memories*. Philadelphia: Temple University Press, 2008. Limbag.

Jacobson, H. O. *Tobacco in the Philippines*. Philippines: Bureau of Printing, 1913. Limbag.

Malbarosa, Jose Maria Arcadio C. “Subersyong Lokal at Negosyong Global sa Panahong Kolonyal: Landas at Bakas ng Pagsuway at Hirarkiya.” Pambansang Kumperensiyang ng ADHIKA. Philippine Normal University - Northern Luzon Campus, Alicia, Isabela. 29 Nob. 2017. Lektura.

Malumbres, Julian. *Historia De La Isabela*. Manila: Colegio de Sto. Tomas, 1918. Limbag.

Manzano, Joanne Visaya. “Kadagaan sa Nobelang *Dangadang*: Pagsusuri sa Konseptong Ilokano sa Pagtatanggol sa Lupa.” Pambansang Kumperensiyang ng ADHIKA. Romblon State University, Odiongan, Romblon. 29 Nob. 2019. Lektura.

Manzano, Joanne Visaya. “Kadagaan sa Sarita at Pakasaritaan: Ang Kilusang Masa ng San Antonio at Sta. Isabel, Ilagan, Isabela.” Dis. Unibersidad ng Pilipinas Diliman. 2019.

Marcos, Ferdinand. “Notes for the Remarks of His Excellency Ferdinand E. Marcos on the Meeting with Isabela Farmers.” *Official Gazette*. Manila, 4 Marso 1982. Onlayn.

“One Day Inside the ‘Republic of Anca.’” *NASSA News* Disyembre 1981: 7. Limbag.

Parreño, Earl G. *Boss Danding*. Quezon City: Earl G. Parreño at First Quarter Storm Foundation, Inc., 2003. Limbag.

*Partial Reports*. Hacienda Update. Marso 29, 1982 - Abril 8, 1982. Limbag.

Pelzer, Karl J. “The Spanish Tobacco Monopoly in the Philippines, 1782-1883 and the Dutch Forced Cultivation System in Indonesia, 1834-1870.” *Archipel* 8.1 (1974): 147-153. Onlayn.

Purugganan, Miguel G. “Injustice Deserves No Mass.” *WHO* Enero 9, 1982: 42. Limbag.



- Putzel, James. *A Captive Land: The Politics of Agrarian Reform in the Philippines*. London: Catholic Institute for International Relations; New York: Monthly Review Press, 1992. Limbag.
- Raventos, Emili Giralt. *La Compañía General de Tabacos de Filipinas 1881-1981*. Barcelona: Compañía General de Tabacos de Filipinas, 1981. Limbag.
- Rodao, Florentino. 1998. "Spanish Companies in the Philippines After the Revolution." *The Philippine Revolution and Beyond*. Ed. Elmer A. Ordoñez. Manila: Philippine Centennial Commission, National Commission on Culture and the Arts, 1998. 999-1011. Limbag.
- Salgado, Pedro V. *Cagayan Valley and Eastern Cordillera: 1581-1898*. Quezon City: Rex Publications, 2002. Limbag.
- Salgado, Pedro. "Cancer in Isabela." *Impact: Asian Magazine for Human Development* Abril 1982: 117-119. Limbag.
- Señoren, Samuel V. "A New Deal in Isabela." *Weekend*, Enero 4, 1981: 21-23. Limbag.
- Timpuyog ti Cagayan Valley. *Situationer: Hacienda San Antonio-Sta. Isabel*. 1981. Limbag.
- Tecson, Grace. "A Century of Land Occupation: The Case of the Farmers of Haciendas Sta. Isabel and San Antonio in Ilagan, Isabela." *Rural Development Studies* 8.6 (1992): 1-26. Limbag.
- "The Anca Case: No Time for Dreaming." *NASSA News* Disyembre 1981: 5-6, 8. Limbag.
- "Turmoil in Cagayan." *NASSA News* Pebrero 1981: 12. Limbag.
- "Ti Pannakidangadang ti Umili iti Hacienda San Antonio-Sta. Isabel." *Baringkuas: Rebolusyonaryo a Dyaryo ti Umili iti Cagayan Valley* Abril-Hunyo, 2002: 9. Onlayn.
- Trinidad, Recah. "The Tenants Have a Right to Protest If They Are in Heaven and We Came to Evict Them." *Philippine Panorama* Abril 5, 1981: 14-19. Limbag.
- Youngblood, Robert L. *Marcos Against the Church: Economic Development and Political Repression in the Philippines*. Quezon City: New Day Publishers, 1983. Limbag.



Kawaksing Propesor si JOANNE VISAYA MANZANO sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman. Kabilang sa mga interes sa pananaliksik ang panitikang maritimo sa Pilipinas, Araling Seaman, kilusang pesante sa Lambak ng Cagayan, at Araling Amianan. Kabilang sa nailathala nang mga akda ang aklat na *Ang Pilipinong Seaman sa Globalisasyon: Mga Naratibo ng Pagsubok at Pakikibaka* (2018) at mga artikulong "Potensiyal ng Kadagaan at Dangadang sa Haraya ng Nasyon: Pagsusuri sa Nobela at Pahayagang *Dangadang* sa Balangkas ng Talabang Pambansa-Rehiyonal ni Lumbera" (2020) at "Ontolohiya, Materyalidad, Metapora, at Transgresyon: Haraya ng Dagat sa mga Piling Kuwento ni Gremer Chan Reyes" (2020). Miyembro si Propesor Manzano ng Taripnong Cagayan Valley at All UP Academic Employess Union.